# Ika-5 Pangkalahatang Plano sa Pagpapaunlad ng Lungsod ng Koshigaya

Pangunahing Konsepto (Piskal na Taon 2021–2030) ·
Huling Bahagi ng Pangunahing Plano ( Piskal na Taon 2026–2030)

## Buod



KOSHIGAYA

# Pangkalahatang Plano ng Pagpapaunlad

## Pagsasayos ng Plano

Ang planong ito ay nasa pinakamataas na antas at nagsisilbing batayan ng lahat ng mga patakaran at proyekto na isinasagawa ng lungsod.


## Estruktura ng Plano

Ang planong ito ay nakaayos sa tatlong antas; [Pangunahing Konsepto], [Pangunahing Plano] at [Pagpapatupad ng Plano] upang maging madaling maunawaan ng mga mamamayan at makatugon nang may kakayahang umangkop sa mga pagbabago ng kalagayang panlipunan sa hinaharap.




## Panahon ng Plano

Ang panahon ng planong ito ay mula sa piskal na taon 2021 hanggang sa piskal na taon 2030.




## Mga Katangian ng Plano

### ① Planong binuo sa pakikilahok ng mga mamamayan.

Binuo ang planong ito sa pamamagitan ng maramihang pakikilahok ng mga mamamayan alinsunod sa mga prinsipyo ng [pakikilahok] at [pakikipagtulungan] batay sa Ordinansa ng Awtonomiya ng Lungsod ng Koshigaya, sa pagdaraos ng mga pulong para sa pagpapaunlad ng pamayanan sa bawat distrito, mga talakayan ng mga mamamayan at ng mga kabataan, at gayundin sa pagsasagawa ng mga pagsisiyasat at mga talatanungan para sa mga samahan at establisimyento

### ② Planong isusulong sa kaisahan ng komprehensibong estratehiya

Planong isusulong sa kaisahan ng [Komprehensibong Estratehiya ng Koshigaya para sa Paglikha ng Bayan, Tao, at Trabaho], upang maisakatuparan ang isang masigla at matatag na pamayanang rehiyon sa hinaharap.

### ③ Planong nakabatay sa mga simulain ng SDGs

Planong naglalayong komprehensibong lutasin ang malawakang mga isyung pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkapaligiran nang maisakatuparan ang lipunang [walang sinumang maiiwan]. Nakabatay ito sa mga prinsipyo ng [SDGs (Sustainable Development Goals)], na isang pandaigdigang layunin ng pamayanang internasyonal. Layunin nitong tugunan sa paraang intersektoral ang mga suliraning panrehiyon at isulong ang isang napapanatiling pagpapaunlad ng lungsod.

## Mga Kalakaran sa Lipunan

Sa pagdaloy ng malalaking agos ng [Bagong Panahon ng Pagbaba ng Populasyon sa Lipunan] at [Bagong Panahon ng Pandaigdigang Pamayanan], isasaalang-alang ang 6 na kalakaran sa lipunan at isusulong nang ayon sa plano ang pagpapaunlad ng lungsod sa hinaharap.

### 〈Mga Pangunahing Kalakaran〉

- Bagong Panahon ng Pagbaba ng Populasyon
- Bagong Panahon sa Pandaigdigang Pamayanan

### 〈6 na Panlipunang Kalakaran〉

1. Pagtugon sa mga krisis na nagbabanta sa buhay at kabuhayan.
2. Pagsasakatuparan ng lipunang may pagkakaisa ang pamayanan.
3. Pagbubuo ng lipunang patuloy ang pakatuto sa buong buhay
4. Pagbabawas ng mga pasanin sa kapaligiran at paglikha ng panibagong paglago.
5. Pagtugon sa mga pagbabago sa kapaligiran ng ekonomiya at paggawa.
6. Pangangailangan ng pagpapaunlad ng lungsod sa pamamagitan ng pagsasama-sama at pagtutulungan

## Pangunahing Diwa ng Pagpapaunlad ng Pamayanan

Ayon sa [Ordinansa ng Awtonomiya ng Lungsod ng Koshigaya], ang mga pangunahing diwa ay [Paggalang sa Pagkatao] at [Soberanya ng Mamamayan]. Batay dito, isinusulong ng mamamayan at ng lungsod ang pagpapaunlad ng lungsod na kung saan ang bawat mamamayan ay iginagalang bilang tao at kinikilala bilang pangunahing tagapagbuo ng lungsod. Bukod dito, sa pagpapaunlad ng lungsod alinsunod sa mga pangunahing diwa, itinakda ang [pakikilahok], [pakikipagtulungan], at [pagbabahagi ng impormasyon] bilang tatlong saligang prinsipyo.

**Mga Pangunahing Diwa ng Pagpapaunlad ng Lungsod 【Artikulo 4 ng Ordinansa】**


**Paggalang sa Pagkatao**
Ang bawat mamamayan ay iginagalang bilang tao.
[Paggalang sa Pagkatao]

**Soberanya ng Mamamayan**
Ang bawat mamamayan ang pangunahing tagapagbuo sa pagpapaunlad ng pamayanan.
[Soberanya ng Mamamayan]

## Larawan ng Hinaharap ng Lungsod ng Koshigaya

**Lungsod na pinagpala ng tubig, luntiang kalikasan, araw at na kung saan ang lahat ay ligtas, panatag, at aktibong nakikilahok.**

Mga Salitang Susi sa Pagpapaunlad ng Lungsod tungo sa Pagsasakatuparan




# Larawan ng Hinaharap ng Lungsod ng Koshigaya

## Populasyon sa Hinaharap

Ang pananaw sa populasyon sa loob ng panahon ng planong ito ay inaasahang aabot sa pinakamataas na bilang na humigit-kumulang 346,000 katao noong taon 2022 at pagkatapos noon, nagsimula na itong bumaba. Tinatayang magiging humigit-kumulang 336,000 katao ang populasyon sa pagsapit ng taon 2030, ang huling taong saklaw ng plano.

Sa pangmatagalang pananaw, inaasahang aabot sa humigit-kumulang 260,000 katao ang populasyon sa taon 2060. Gayunpaman, sa [Bisyon ng Populasyon ng Lungsod ng Koshigaya para sa Paglikha ng Bayan, Tao, at Trabaho] na binuo noong Marso taon 2016 , itinakda bilang isang pamantayan ang [Hangad na Populasyon ng Koshigaya sa Hinaharap] na naglalayong mapanatili ang populasyong 297,000 katao pagsapit ng taon 2060.

Pananaw sa Populasyon at Target na Bilang ng Bisyon Populasyon




## Mga Kaisipan Para sa Hinaharap na Estruktura ng Lungsod

Sa lungsod na ito, ang mga lugar sa paligid ng mga estasyon ng tren at ang distrito ng Nishi-Obukuro ay itinatakda bilang mga pangunahing sentro. Isusulong ang pagpapaunlad ng imprastruktura at ang maayos at may pagtuuon sa paggamit ng lupa batay sa kani-kanilang katangian.

Itataguyod ang napapanatiling kaunlaran ng lungsod upang matugunan ang pagbaba ng populasyon, pagtanda ng lipunan, pagbabago ng klima, mga likas na sakuna, at iba pang pagbabago sa kalagayang panlipunan at pang-ekonomiya.

1. Pagpapaunlad ng lungsod sa pamamagitan ng pagkakaisa at ugnayan
2. Paggamit ng mga lupang makakatulong sa pagpapasigla ng lungsod
3. Pag-isahin ang lungsod at kalikasan para sa pagbuo ng istrukturang matatag sa sakuna.

## Mga Layunin ng Pagpapaunlad ng Lungsod

Maisakatuparan ang hinahangad na larawan ng hinaharap [Lungsod na biniyayaan ng tubig, kalikasan, at araw at kung saan ang lahat ay aktibong kumikilos nang ligtas, panatag, at nagkakaisa] —itinakda ang sumusunod na 6 na layunin para sa pagpapaunlad ng lungsod batay sa mga susing salitang ito.

| | |
|---|---|
| Layunin 1 | Pagpapaunlad ng lungsod kung saan nag-uugnayan ang magkakaibang tao at umuunlad sa pamamagitan ng pakikilahok at pagtutulungan. |
| Layunin 2 | Pagpapaunlad ng lungsod kung saan ang lahat ay mabuti ang kalusugan, namumuhay nang may pagkakaisa, at patuloy na makapaninirahan. |
| Layunin 3 | Pagpapaunlad ng lungsod nang magkaagapay ang kalikasan at lungsod sa pamamagitan ng pagsasama-sama at ugnayan. |
| Layunin 4 | Pagpapaunlad ng lungsod na kung saan napapanatiling ligtas, panatag, at matatag sa sakuna. |
| Layunin 5 | Pagpapaunlad ng lungsod sa pamamagitan ng paggamit ng mga kaakit-akit na yaman upang lumikha ng kasiglahan |
| Layunin 6 | Pagpapaunlad ng lungsod na kung saan ang lahat ay kusang natututo at aktibong nakikilahok nang may saysay at layunin sa buhay. |

Ang bawat layunin ay iuugnay sa 17 layunin ng SDGs, at isasagawa ang mga hakbang sa paraang may koordinasyon upang maisulong ang komprehensibo at planadong pagpapaunlad ng lungsod



## Pagpapaunlad ng Lungsod na Magsisimula sa mga Distrito

Ang [Larawan ng Hinaharap ng Distrito] ay nilikha mismo ng mga residente sa "Distrito Machizukuri Kaigi" o pagpupulong sa pagpapaunlad ng distrito na kung saan kanilang tinalakay ang nais nilang maging anyo ng kanilang lugar. Mula ngayon, isusulong ang iba't ibang hakbangin batay sa Larawan ng Hinaharap na ito.

| Pagkakahati ng mga Distrito | Larawan ng Hinaharap ng Bawat Distrito |
|---|---|
| Sakurai | Napapaligiran ng kalikasang nagbibigay ng kapahingahan at pakikipag-ugnayang Sakurai. |
| Niigata | Pinahahalagahan ang kalikasan, ligtas manirahan, at may pagkakaisang Niigata. |
| Mashibayashi | Nagkakaisa ang tao at kalikasan at komportableng Mashibayashi. |
| Ōbukuro | Kaagapay ang kalikasang may mahalimuyak na sirwelas, mapayapa, at angkop sa pagkatutong Obukuro. |
| Ogishima | May kaginhawahan at panatag na pamumuhay sa Ogishima. |
| Dewa | Magkaagapay ang kalikasan at kultura at may mayamang kalooban sa pagpapaunlad ng bayan |
| Gamō | Sagana sa kalikasan at tahanan ng mga pusong may ugnayang Gamo |
| Kawayanagi | Sagana sa kalikasan at puno ng pagmamahal sa pagtatayo ng isang maginhawang bayan |
| Ōsagami | May sigla at pagkakaisang nagpapahalaga sa kasaysayan tungo sa bagong kinabukasan ng Ōsagami |
| Ōsawa | Sigla at ugnayan ng mamamayan, paggalang sa kasaysayan patungo sa panibagong Osawa. |
| Kita-Koshigaya | Mahal mo ba ang Kita-Koshigaya? Pagbuo ng pamayanang may pusong nag-uugnayan |
| Koshigaya | Paglikha ng masiglang sentro ng kaakit-akit na lungsod sa pamamagitan ng pangangalaga at pagpapatuloy ng kalikasan, kasaysayan, at kultura. |
| Minami-Koshigaya | Nagtutulungan ang lahat sa paglikha ng maginhawang tirahang Minami Koshigaya |

# Kabuuran ng Huling Bahagi ng Pangunahing Plano

## Layunin ng Plano

Ang huling bahagi ng pangunahing plano ay a naglalayong sistematisahin ang mga hakbang upang maisakatuparan ang hinahangad na hinaharap ng lungsod na ipinapakita sa Ika-5 Pangkalahatang Plano sa Pagpapaunlad ng Lungsod ng Koshigaya, at ito ay [Lungsod na pinagpala ng tubig, luntiang kalikasan, araw at kung saan ang lahat ay ligtas, panatag, at aktibong nakikilahok].

## Istruktura ng Plano

Ang huling bahagi ng pangunahing plano ay binubuo ng sumusunod na apat na seksyon.

Seksyon 1: [Balangkas ng Plano] ay naglalahad ng layunin, istruktura, at ang panahon ng pagpapatupad ng plano.

Seksyon 2: [Mga Pananaw sa Hinaharap ng Lungsod ng Koshigaya] ay malinaw na ipinapakita ang mga inaasahang kalagayan ng populasyon at pananalapi sa loob ng panahon ng plano.

Seksyon 3: [Mga Planong Pang-Sektor] ay nagpapakita ng [Bisyón ng Pagsusulong] bilang mahahalagang pananaw na isinasaisip sa pagpapatupad ng mga hakbang at kasabay nito ay inilalahad ang mga tiyak na pagtugon sa mga hamon sa pangangasiwa upang maisakatuparan ang mga [Layunin ng Pagpapaunlad ng Lungsod] na nakasaad sa Pangunahing Konsepto.

Seksyon 4: [Pangkalahatang Estratehiya] ay naglalahad ng mga patakarang dapat isagawa upang angkop na matugunan ang pagbaba ng bilang ng mga bata at ang pagtanda ng populasyon, at upang maisakatuparan ang isang masigla at aktibong pamayanang panrehiyon.

### Larawan ng Hinaharap

**Lungsod na pinagpala ng tubig, luntiang kalikasan, araw at na kung saan ang lahat ay ligtas, panatag, at aktibong nakikilahok.**

### Mga Sektoral na Plano

**Bisyon ng Pagsusulong**

Mahahalagang Pananaw na Dapat Isaisip sa Pagpapatupad ng mga Hakbang

- Pamamahala sa Krisis
- Dekarbonisasyon ng Lokal na Pamayanan
- Digitalisasyon
- Inklusyon (Pagiging Inklusibo)

| | |
|---|---|
| Balangkas 1 | Pagpapaunlad ng lungsod kung saan nag-uugnayan ang magkakaibang tao at umuunlad sa pamamagitan ng pakikilahok at pagtutulungan. |
| Balangkas 2 | Pagpapaunlad ng lungsod kung saan ang lahat ay mabuti ang kalusugan, namumuhay nang may pagkakaisa, at patuloy na makapaninirahan. |
| Balangkas 3 | Pagpapaunlad ng lungsod nang magkaagapay ang kalikasan at lungsod sa pamamagitan ng pagsasama-sama at ugnayan. |
| Balangkas 4 | Pagpapaunlad ng lungsod na kung saan napapanatiling ligtas, panatag, at matatag sa sakuna. |
| Balangkas 5 | Pagpapaunlad ng lungsod sa pamamagitan ng paggamit ng mga kaakit-akit na yaman upang lumikha ng kasiglahan. |
| Balangkas 6 | Pagpapaunlad ng lungsod na kung saan ang lahat ay kusang natututo at aktibong nakikilahok nang may saysay at layunin sa buhay. |

### Pangkalahatang Estratehiya

Ipinapakita ang mga hakbangin upang angkop na matugunan ang pagbaba ng bilang ng mga bata at ang pagtanda ng populasyon at maisakatuparan ang isang masigla at aktibong lipunang panrehiyon.

**Pangunahing Layunin 1**

Lumikha ng mga matatatag na trabaho upang ang lahat ay panatag na makapaghahanapbuhay.

**Pangunahing Layunin 2**

Isakatuparan ang mga hangaring kaugnay ng pag-aasawa, pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki ng mga anak.

**Pangunahing Layunin 3**

Pag-ibayuhin ang pang-akit ng lungsod at gawing isang tirahan may kaginhawahan.

※ Muling inilalahad ang mga pangunahing tagapagpahiwatig sa [Mga Sektoral na Plano] nang naaayon sa mga layunin ng [Pangkalahatang Estratehiya].

# Bisyon sa Pagsusulong (Mga mahalagang pananaw na dapat isaalang-alang sa pagsusulong ng mga hakbang)

Sa pagdating ng pagbaba ng populasyon at ng lipunang may kakaunting bata at dumaraming matatanda, at dahil din sa mabilis na pagbabago ng kalagayang panlipunan at pang-ekonomiya pati na sa pag-iiba-iba ng mga pagpapahalaga ng mga tao, unti-unting nagiging malinaw ang iba't ibang isyung kinahaharap ng administrasyon.
Sa ganitong kalagayan, upang makamit ang anim na [Layunin ng Pagpapaunlad ng Lungsod] na nakasaad sa Pangunahing Balangkas, titipunin at aayusin namin ang mga opinyon at mga mungkahi ng mga mamamayan sa pamamagitan ng mga lokal na pagpupulong at talakayan ng mga mamamayan at mga kabataan hinggil sa pagpapaunlad ng lungsod.
Sa susunod na limang taon, itinatampok bilang [Bisyon sa Pagsusulong] ang apat na mahahalagang pananaw na isinasaisip sa patuloy na pagsusulong ng mga hakbang tungo sa isang napapanatiling pagpapaunlad ng lungsod kung saan ang lahat ay makapamumuhay nang may katiwasayan.

**Lungsod na pinagpala ng tubig, luntiang kalikasan, araw at na kung saan ang lahat ay ligtas, panatag, at aktibong nakikilahok**

## Pagsasakatuparan

**Pangunahing Konsepto**

| | |
|---|---|
| Layunin ① | Pagpapaunlad ng pamayanan kung saan nag-uugnayan ang magkakaibang tao at umuunlad sa pamamagitan ng pakikilahok at pagtutulungan. |
| Layunin ② | Pagpapaunlad ng pamayanan kung saan ang lahat ay mabuti ang kalusugan, namumuhay nang may pagkakaisa, at patuloy na makapaninirahan. |
| Layunin ③ | Pagpapaunlad ng pamayanan na kung saan may pagkakasundo ang kalikasan at pamayanan at ang lahat ay may pagkakaisa at ugnayan. |
| Layunin ④ | Pagpapaunlad ng pamayanan na kung saan napapanatiling ligtas, panatag, at matatag sa sakuna. |
| Layunin ⑤ | Pagpapaunlad ng pamayanan sa pamamagitan ng paggamit ng mga kaakit-akit na yamang maglilikha ng sigla sa pamayanan. |
| Layunin ⑥ | Pagpapaunlad ng pamayanan na kung saan ang bawat isa ay kusang natututo at nakapaglilingkod nang may layunin sa buhay. |

### Pananaw sa Pamamahala ng Krisis

Mayroon bang mga paghahanda upang tumugon nang tama sa anumang krisis at mapanatili ang mahahalagang serbisyong administratibo?

Mga resulta ng pagsusuri sa mga opinyon at iba pang pananaw ng mga mamamayan.

Mataas ang antas ng interes mula sa lahat ng henerasyon, at kinumpirma na ang [mga hakbang sa pagtugon sa sakuna] at ang [ligtas at panatag na pagpapaunlad ng lungsod] ay nakumpirmang magkatulad bilang mahahalagang hamon.

### Pananaw sa Rehiyonal na Dekarbonisasyon

Isinasaalang-alang ba ng nilalaman ng mga proyekto ang rehiyonal na dekarbonisasyon?

Mga resulta ng pagsusuri sa mga opinyon at iba pang pananaw ng mga mamamayan.

Maraming opinyon ang nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagpapanatili ng kalikasan, mga tanawin, at kapaligiran ng pamumuhay sa Koshigaya sa magandang kalagayan,at mataas ang antas ng interes sa pangngalaga ng kapaligiran at pagpapanatili nito.

## Pagsusulong

### Pananaw sa Digitalisasyon

Isinasama ba ang mga elementong digital at naipagkakaloob ba ang mga serbisyong administratibo nang maginhawa at madaling gamitin para sa mga mamamayan?

Mga resulta ng pagsusuri sa mga opinyon at iba pang pananaw ng mga mamamayan.

Lalo na sa mga kabataan at sa maraming henerasyon, ang [paggamit ng teknolohiyang digital] ay nakakaakit ng malaking interes, at maraming opinyon ang nagpapahayag ng pagnanais na mapabuti ang kaginhawaan ng mga serbisyong administratibo sa pamamagitan ng [digitalisasyon].

### Pananaw sa Inklusyon (Pagiging Inklusibo)

Nakahanda ba ang kapaligiran na tumatanggap sa iba't ibang sektor at magbigay-daan sa pakikilahok at pakikipagtutulungan para sa pagpapaunlad ng lungsod?

Mga resulta ng pagsusuri sa mga opinyon at iba pang pananaw ng mga mamamayan.

Bilang bahagi ng napapanatiling pagpapaunlad ng pamayanan, binanggit ang mga opinyong nagbibigay-halaga sa inklusyon tulad ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon at palitang pangkultura. Lalong kapansin-pansin ang mga opinyon mula sa mga kabataang may malaking interes sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga henerasyon sa loob ng pamayanan.

## Mga Hakbang at Inisyatibo

[ Mga Sektoral na Plano ]

# Mga Sektoral na Plano ～Mga hakbang sa bawat sektor

## Balangkas 1

**Pagpapaunlad ng lungsod kung saan nag-uugnayan ang magkakaibang tao at umuunlad sa pamamagitan ng pakikilahok at pagtutulungan.**

(Mamamayan, Karapatang Pantao, at Pinansyal at Administratibong Pamamahala)

- **1-1** Pagbutihin ang pangangasiwa ng gobyerno sa pamamagitan ng partisipasyon at tulong ng mamamayan
- **1-2** Pagiging isang komunidad na may pagpapahalaga at respeto ng karapatan ng bawat isa
- **1-3** Isulong ang napapanatiling pamamahala ng lungsod





## Balangkas

**Pagpapaunlad ng lungsod kung kalusugan, namumuhay nang at patuloy na makapaninirahan.**

(Kalusugan, Medikal,Pagpapalaki ng

- **2-1** Pagiging isang komunidad na
- **2-2** Isulong ang pagpapabuti ng komprehensibong sistemang medikal,
- **2-3** Sama-samang suportahan ang bata at kabataan at bumuo ng
- **2-4** Maging isang matiwasay na lugar na magbibigay ng seguridad para sa mga may kapansanan
- **2-5** Maging isang lugar na magbibigay ng seguridad ng pamumuhay para sa mga matatanda
- **2-6** Pagpapabuti ng mga sistema na sumusuporta na kapakanan at pamumuhay ng mamamayan

**Larawan ng Hinaharap**

## Maisakatuparan ang lungsod na pinagpala ang lahat ay ligtas,panatag, at aktibong

## Balangkas 4

**Pagpapaunlad ng lungsod na kung saan napapanatiling ligtas, panatag, at matatag sa sakuna.**

(Kapaligiran, Pamamahala ng Krisis,Pagpigil ng Sunog, atbp.)

- **4-1** Maging isang lugar o komunidad na patuloy na may maayos na kalikasan
- **4-2** Maging isang lugar na ligtas at tiwasay para sa lahat
- **4-3** Pagkakaroon ng sistema na makakapag protekta sa buhay at ari-arian ng mamamayan





## Balangkas

**Pagpapaunlad ng lungsod sa mga kaakit-akit na yaman**

(Industriya at Trabaho, Turismo)

- **5-1** Pagpapabuti at pagpapalakas na
- **5-2** Pagpapabuti ng istilo sa sigla at amenities
- **5-3** Maging isang lugar na patuloy kalakal
- **5-4** Maging isang lugar para sa nagtatrabaho



## 2

**saan ang lahat ay mabuti ang may pagkakaisa,**

Bata,Kapakanan)

na sumusuporta sa bawat isa

kalusugan ng mga mamamayan at magtatag ng pangangalaga ng kalusugan, at sanitasyon.

kasalukuyan at kinabukasan ng mga masigla at maunlad na lungsod.



## Balangkas 3

**Pagpapaunlad ng lungsod nang magkaagapay ang kalikasan at lungsod sa pamamagitan ng pagsasama-sama at ugnayan.**

(Plano ng Lungsod, Pasilidad ng Lungsod, Pabahay)

- **3-1** Maging isang siyudad na patuloy na mapipili na may mataas na kalidad ng buhay
- **3-2** Gumawa ng mga kalsadang sumusuporta sa komunidad
- **3-3** Maging isang lugar na sagana mga halaman at ligtas na tubig para sa lahat
- **3-4** Pagkakaroon ng sagana at ligtas na tubig para sa lahat
- **3-5** Maging isang paligid na may kaginhawaan at matiwasay para sa mga residente





# ng tubig,luntiang kalikasan, araw at na kung saan nakikilahok.

## 5

**pamamagitan ng paggamit ng upang lumikha ng kasiglahan.**

industriya na sumusuporta sa komunidad

pamumuhay sa pamamagitan ng

ang agrikulturang pangangasiwa at

lahat na puno ng buhay habang



## Balangkas 6

**Pagpapaunlad ng lungsod na kung saan ang lahat ay kusang natututo at aktibong nakikilahok nang may saysay at layunin sa buhay.**

(Edukasyon, Habambuhay na Pagkatuto at Kultura,Palakasan, at Rekreasyon, atbp.)

- **6-1** Pagkakaroon ng edukasyon na maghahatid at magpapatibay ng kakayahan para mabuhay
- **6-2** Pagtataguyod ng lokal na kultura at pagyaman ng kaalaman
- **6-3** Maging isang lugar na may pang habambuhay na libangan at isports






# Pagpapasigla ng Lungsod, Pagpaparami ng Tao, at Paglikha ng mga Trabaho Pangkalahatang Estratehiya ng Lungsod ng Koshigaya

## Pangkalahatang Estratehiya

Ang pangkalahatang estratehiya ay binuo batay sa [Paraan ng Paglikha ng Lungsod, Tao, at Trabaho] na naglalayong mapagtagumpayan ang suliranin ng pagbaba ng populasyon at paglikha ng mga rehiyon.
Sa lungsod na ito, ang pangkalahatang estratehiya ay inilalagay sa loob ng pangkalahatang plano sa pagpapaunlad at isinasagawa nang magkakaugnay at magkatuwang. Sa pangkalahatang estratehiya, itinakda ang tatlong pangunahing layunin, naglalagay ng mga hangad na bilang, pati na ng mga kongkretong hakbang at proyekto upang maisakatuparan ang mga ito, kasama ang mga KPI (Mahahalagang Tagapagpahiwatig ng Pagganap), at itinatakda rin para sa bawat pangunahing layunin ang mga SDGs na nakatutulong sa kanilang pagsasakatuparan.

### Pangunahing Layunin 1 — Lumikha ng mga matatatag na trabaho upang ang lahat ay panatag na makapaghahanapbuhay.

Sa pamamagitan ng paggamit sa heograpikong kalamangan bilang isang lungsod na malapit sa kabisera, lalayunin ang pagpapasigla ng komersiyo, industriya, at agrikultura at pagsisikapang suportahan ang lahat ng henerasyong nagnanais makapaghanapbuhay upang makamit ang isang lungsod na kung saan ang lahat ay makapagtatrabaho nang may kapanatagan.

**Hakbang 1** Paunlarin ang mga industriyang may pagpapanatiling kakayahan

**Hakbang 2** Lumikha ng kapaligirang makakapagtuloy at makapagpananatili ng agrikultura

**Hakbang 3** Pahusayin ang mga hakbang sa pagtugon sa empleyo at trabaho

### Pangunahing Layunin 2 — Isakatuparan ang mga hangaring kaugnay ng pag-aasawa, pagbubuntis, panganganak, at pagpapalaki ng mga anak.

Pagbibigay ng suportang naayon sa bawat yugto ng buhay ng pag-aasawa, pagbubuntis, panganganak, at pag-aalaga ng bata at lumikha ng lungsod na ang sinuman ay makapagsisilang at makapagpapalaki ng anak nang may kapanatagan at patuloy na makakapanirahan.

**Hakbang 1** Suportahan ang paglikha ng mga pagkakataon para sa pagkikita at pag-uugnayan.

**Hakbang 2** Bumuo ng kapaligirang kung saan madaling magpalaki ng mga bata.

**Hakbang 3** Isulong ang edukasyong pampaaralan na humuhubog sa kakayahang mabuhay.

### Pangunahing Layunin 3 — Pag-ibayuhin ang pang-akit ng lungsod at gawing isang tirahan may kaginhawahan

Isinusulong ang pagpapasigla ng komunidad sa pamamagitan ng epektibong pagpapalaganap ng mga kaakit-akit na katangian ng lungsod at aktibong paggamit ng mga yamang panrehiyon. Bukod dito, layunin ding makamit ang isang lungsod na maginhawang manirahan, may maayos na kapaligiran, sapat ang mga serbisyong medikal at panlipunang kapakanan, maaasahan ang pampublikong transportasyon at may kahandaan sa sakuna.

**Hakbang 1** Gamitin at ipalaganap ang mga yamang panrehiyon.

**Hakbang 2** Lumikha ng lungsod kung saan ang iba't ibang tao ay maaaring makipag-uugnayan at aktibong makilahok.

**Hakbang 3** Lumikha ng lungsod na may sapat at maayos na serbisyong medikal at kapakanang panlipunan.

**Hakbang 4** Ayusin ang kapaligiran ng transportasyon.

**Hakbang 5** Palakasin ang kakayahang humarap at tumugon sa sakuna.

**Hakbang 6** Lumikha ng lungsod na mabuti sa kalikasan at napapanatili.

**Sagisag ng Lungsod**

Ang sampung panlabas na bilog ng sagisag ng lungsod ay kumakatawan sa pinagsanib na 2 bayan at 8 nayon. Sa gitna nito, pinagsama ang apat na katakanang [コ] upang ipahiwatig ang kahulugang [越] at ang pinakasentro ay isang dinisenyong anyo ng karakter na [谷]. Ang disenyong ito ang napili mula sa mga mga ipinasang mungkahi ng mga mamamayan matapos ang pagsasanib ng mga bayan at nayon. Ito ay itinakda bilang sagisag ng bayan noong ika-10 ng Enero, 1955 at kalaunang naging opisyal na sagisag ng lungsod nang maitatag ang Lungsod ng Koshigaya.

**Simbolong ng Lungsod**

Ang simbolong marka ay pinili mula sa mga mungkahing ipinasa ng mga mamamayan sa pamamagitan ng isang pambansang pambulikong botohan. Ipinapakita ng disenyo ang larawan ng [Lungsod ng Tubig] at ang mag-inang puting-pisnging kalapating lumilipad patungo sa hinaharap.
(Pinili ito noong ika-3 ng Nobyembre, 1998 bilang paggunita sa ika-40 anibersaryo ng pagkakatatag lungsod.)

越谷市
KOSHIGAYA CITY



Inilathala: General Policy Division, Koshigaya City
Ini-edit: Lungsod ng Koshigaya
Kagawaran ng Pangkalahatang Patakaran Seksyon ng Patakaran
4-2-1 Koshigaya, Koshigaya City, Saitama
343-8501
TEL:048-963-9112